# Katotohanan Ba o Opinyon Lamang

11-A

**KASANAYAN :** Nakababasa upang masabi ang pagkakaugnay

# Filipino

(PAGBASA)


undp - Assisted Project
UNITED NATIONS DEVELOPMENT PROGRAMME

BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
Department of Education, Culture and Sports
Pasig City, Metro Manila
1997

## Panimula

Ang Modyul na ito ay bahagi ng isang serye ng mga Modyul sa English, Filipino at Mathematics. Inihanda ito ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Elementarya sa pagtataguyod ng United Nations Development Programme (UNDP) sa ilalim ng proyektong PHI/93/011 - Support Programme for the Universalization of Quality Primary Education (UQPE) Through Strengthening of Multigrade Program in Philippine Education.

Ang mga kagamitang ito ay sadyang inihanda upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan, gayundin upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat. Ang bawat modyul ay may kabuuang pamaraan ng pagtuturo at magagamit ito hindi lamang sa pagpapatibay o pagpapayaman ng kaalaman kung hindi maaari ring gamitin sa paglinang ng bagong aralin. Ang mga kagamitang ito na may iba't ibang antas ay iminumungkahing gamitin sa mga paaralang elementarya ng bansa.

**Mga Manunulat:**

Elizabeth J. Escaño - Chairman
Merlita A. Nolido
Irene C. de Robles
Nancy G. Almario
Federico L. Reyno
Josefina V. Lacuna
Zenaida Z. Tolentino

**Mga Kasangguni:**
Dr. Marcelina M. Miguel
Dr. Lydia Lalunio

**Mga Tagapag-ugnay ng Proyekto:**
Ms. Corazon L. Galang
Ms. Merlita N. Nolido

**Dr. Teresita G. Inciong**
Director III
Bureau of Elementary Education

**Dr. Lidinila M. Luis-Santos**
Director IV
Bureau of Elementary Education

## Halinang Magsimula

Kamusta ka
kaibigang mag-aaral.
Nais kong iyong malaman
Ang pagbabasa'y magandang libangan.

Iba't ibang impormasyon
tiyak matutuhan,
Na kapaki-pakinabang
sa iyong pag-aaral.

Pag-unawa ng ugnayan:
opinyon o katotohanan
Mahalagang kasanayan
sana'y iyong maunawaan
Upang iyong magamit sa
pang-araw-araw na buhay.



## Magbalik-aral Tayo

A. Basahin at sagutan ang mga tanong sa ibaba nito.

Noon pa mang ika-10 siglo, may ugnayan na ang mga Pilipino at Tsino. Naganap ito sa mga baybay dagat sa iba't ibang pulo ng bansa.



Ipinagpalit ng mga Tsino ang dala nilang mga produkto sa mga produkto ng Pilipino. Ang mga plorera, pinggang porselana at telang seda ay ipinagpapalit nila sa bulak, ginto, perlas at ratan ng mga ninuno. Pagkatapos ng kanilang palitan, umaalis ang mga Tsino. Bumabalik sila pagkalipas ng walo o siyam na buwan upang kunin ang kapalit ng kanilang kalakal.

1. Anu-anong produkto ang ipinagpalit ng mga Tsino sa mga Pilipino?

   a. bigas, gulay at halamang-ugat
   b. bulak, ginto, perlas at ratan
   c. plorera, telang seda at mga porselana
   d. mga kasuotan tulad ng tsinelas, damit atbp.

2. Ang mga kalakal ng Tsino ay iniiwan sa mga Pilipino ng mahabang panahon bago nila kunin ang kapalit na produkto. Anong katangian ng mga Pilipino ang ipinakikita nito?

   a. Malikhain ang mga Pilipino.

   b. Masipag at matiyaga ang mga ninunong Pilipino.

   c. Masikap sa paghahanapbuhay ang mga Pilipino.

   d. Ang mga Pilipino ay matapat at magpagkakatiwalaan.

3. Ano ang pangunahing paksa ng talata?

   a. Ang mga produkto ng mga Pilipino

   b. Ang ugnayang kalakalan ng mga Pilipino at Tsino

   c. Ang mga mangangalakal ng Pilipino

   d. Ang pagbabalik ng mga Tsino sa bansa

4. Ano ang pamaksang pangungusap sa binasa?

   a. Bumalik sila pagkalipas ng walo o siyam na buwan.

   b. Naganap ito sa baybay-dagat ng iba't ibang pulo ng bansa.

   c. Pagkatapos na kanilang palitan, umaalis ang mga Tsino.

   d. Noon pa mang ika-10 siglo may ugnayan na ang mga Pilipino at Tsino.

## Mag-aral Tayo

Oras ng pagbabalitaan sa klase ni Bb. Reyes sa Heograpiya/ Kasaysayan/Sibika. Sabik na sabik ang mga bata na magbigay ng kanilang balita.

Narito ang ulat ng isang bata.

**Pagpapatayo ng mga Paaralan Iniutos ng DECS**

Inatasan ni Pangulong Fidel Ramos si Kalihim Ricardo T. Gloria ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports na madaliin ang konstruksyon ng 2000 gusaling pampaaralan sa buong bansa kaugnay ng program ng pamahalaang "**Paaralan sa Mamamayan**". Ito ay bilang paghahanda sa nalalapit na pasukan. Ang utos ng Pangulo ay bunga ng ulat na ibinigay ni Kalihim Gloria na may 8,089 barangay sa bansa ang wala pang paaralan. Dahil dito, hiniling ni Gloria sa 16 direktor ng rehiyon sa tulong ng mga superintendente na alamin ang mga barangay na higit na nangangailangan ng gusaling pampaaralan. Layunin nito na mabigyan ng pagkakataong makapag-aral ang mga batang nasa wastong gulang na at naninirahan sa malayong pook. Sabi ng Pangulo, "naniniwala ako na sa paraang ito, ang mga batang nasa wastong gulang ay makapag-aaral na gayundin ang mga tumigil sa pag-aaral."

Ang perang gagamitin sa kontruksyon ng mga paaralang elementarya ay kukunin sa pondo ng DECS na P 2.5 bilyon.

Pag-usapan natin ito.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Sino ang Kalihim ng Edukasyon, Kultura at Isports?
2. Ano ang iniutos sa kanya ng Pangulong Ramos?
3. Ilang barangay sa bansa ang wala pang paaralan?
4. Ano ang pangalan ng program sa pagpapatayo ng mga paaralan?
5. Magkano ang pondo ng programang ito?

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Kalihim Ricardo T. Gloria
2. Madali ang konstruksyon ng mga paaralan bilang paghahanda sa darating na pasukan
3. 8,089 na barangay
4. Paaralan sa Mamamayan
5. P 2.5 bilyon

Wasto bang lahat ang iyong sagot?

Kung gayon, maaari kang magpatuloy. Suriin mo ang mga pangungusap na ito. Ang mga pangungusap na ito ay ***katotohanan***.

1. Si G. Ricardo T. Gloria ay Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports.
2. Mayroong 8,089 na barangay sa Pilipinas ang walang paaralan.
3. Ang "***Paaralan sa Mamamayan***" ay isang programa ng pamahalaan.

Mga ***katotohanan*** ang mga pangungusap sapagkat maaaring patunayan kung ito ay totoo o hindi.

Narito pa ang halimbawa ng ***katotohanan***.

1. Ang Pilipinas ay binubuo ng maraming pulo.
2. Ang watawat ay sagisag ng Pilipinas.
3. Filipino ang wikang Pambansa ng Pilipinas.
4. Si dating Heneral Fidel V. Ramos ang Pangulo ng Pilipinas.
5. Ang mga mamamayan sa Pilipinas ang tinatawag na Pilipino.


Ito naman ang sinasabing ***opinyon***.

1. Naniniwala ako na sa pagtatayo ng mga paaralan, ang mga batang nasa wastong gulang ay makapag-aaral na.
2. Sa palagay ko kung madaragdagan ang mga paaralan sa bansa, mababawasan na ang mga batang nagsisipaghinto sa pag-aaral.

**Opinyon** ang mga ito sapagkat sinasabi nito kung ano ang iniisip o nadarama ng isang tao tungkol sa isang bagay o isyu. Sa pagkakataong ito, ang palagay ng isang tao ay maaari pang salunggatin ng ibang tao.

Narito pa ang halimbawa ng ***opinyon***.

1. Sa aking palagay, higit na mainam na alagaan ang kalapati kaysa sa pugo.
2. Maaaring umunlad ang bansa natin kung mapagtitibay ang panukalang batas sa pagbubuwis.
3. Isang masamang impluwensiya sa paglaki ng kabataan ang mga marahas na palabas sa telebisyon.



**Tandaan:**

Ang opinyon ay isang pahayag na nagsasabi kung ano ang iniisip o nadarama ng isang tao tungkol sa bagay o isyu.

Ang isang ***opinyon*** ay madali ring matutukoy sapagkat karaniwang ginagamitan ito ng mga pahiwatig tulad ng:

Sa aking palagay . . .

Naniniwala ako na . . .

Marahil . . .

Magpatuloy kayo!

## Subukin ang Sarili

A. Panuto : ***Opinyon*** ba o ***Katotohanan?*** Isulat sa isang sagutang papel ang ***O*** kung ***Opinyon*** at ***K*** kung ***Katotohanan*** .

1. Ang usok ng mga sasakyan ay nagpaparumi ng hangin.
2. Mabibilis ang pag-unlad ng kabuhayan ng bansa kung ang mga pinuno at tauhan ng pamahalaan ay tapat sa kanilang tungkulin.
3. Napakalamig ng hangin, umuulan siguro sa ibang lugar.
4. Sinasabing ang mga taong may malapad na noo ay matalino.
5. May dalawang uri ng panahon sa Pilipinas, ang tag-ulan at tag-araw.
6. Marahil, mabibilis ang pag-unlad ng bayan kung gagamit ng makabagong kagamitan ang mga tao.
7. Sa aking palagay, si G. Edgardo Angara ang pinakamahusay na Senador ng bansa.
8. Ang gaganda ng kasangkapan nina Gng. Cruz. Mayaman siguro sila.
9. Ang Pilipinas ay isang malayang bansa.
10. Mababawasan ang bilang ng krimen kung ipatutupad **Curfew time**.

B. Basahin ang sumusunod. Sabihin kung ang bawat bilang ay ***Katotohanan*** o ***Opinyon***. Isulat ang sagot sa isang papel.

Salvador Escudero, Ang Bagong
Kalihim ng Agrikultura

1. Mapalad si G. Salvador Escudero III dahil muli siyang nahirang na Kalihim ng Agrikultura.

2. Nagtapos siya ng Veterinary Medicine.

3. Naging kagawad siya ng Bureau of Animal Industry. Pagkalipas lamang ng ilang taon siya na ang namuno rito.

4. Siya raw ang pinakamatalino at pinakamahusay na Director ng Bureau of Animal Industry.

5. Naging Kalihim na rin ng Agrikultura si Escudero noong panahon ni Marcos

6. Alam na marahil ni Escudero ang kanyang gagawin sa mga suliranin sa tanggapan ng Agrikultura.

7. Kilala na niya ang mga empleyado rito dahil nakasama niya ang mga ito noong panahon ng administrasyong Marcos.

8. Hindi na kailangan ni Escudero ang mahabang panahon ng pag-aaral upang matutuhan ang mga gawain dito.

9. Malaki ang paggalang at pagtitiwala ng taong-bayan kaya siya ang hinirang na Kalihim ni Pangulong Ramos.

10. Naniniwala ang mga mamamayan na sa pag-upo ni Escudero sa Kagawaran ng Agrikultura, muling sasagana ang ani.

[redacted]

[redacted]